

Sa mga taong papasok sa National Health Insurance

Kapag nakatira sa Japan, lahat ng tao kasama ang dayuhan ay kailangan pumasok sa health insurance. Kapag may health insurance ka, mas kaunti ang iyong babayaran kapag nagkasakit ka at pumunta ka sa ospital.

Tungkol sa National Health Insurance

Ang National Health Insurance ay para sa mga taong wala sa employer-based health insurance.

Ang proseso ng pagpasok ay ginagawa sa city hall.

Kapag nakapasok ka sa National Health Insurance, makakatanggap ka ng Insurance Card (certificate of eligibility).

Kapag pupunta sa ospital

Kapag nagkasakit ka at pumunta ka sa ospital, ipakita ang Insurance Card.

Sa ospital, titignan kung naka nakarehistro ka. Kapag nakumpirma na, ang babayaran mo ay magiging 20%~30%. (Nagiiba ang bayarin base sa edad)

Bawal gamitin ang Insurance Card na hindi sa iyo.

Kung may My Number Card ka, maaari mo itong irehistro bilang Insurance Card. Maaari mo itanong sa loob ng City Hall.

Tungkol sa Insurance Tax

Sa mga taong pumasok ng National Health Insurance ay kailangan magbayad ng Insurance Tax.

Kapag dumating ang National Health Insurance Tax mula sa City hall, siguraduhin bayaran ito bago ang due date.

Kapag hindi mabayaran bago ang due date, madadagdagan ang bayarin.

Kapag hindi mabayaran ang National Health Insurance Tax, maaari itong maging dahilan ng hindi ma-renew ng Visa.

Kapag hindi mabayaran, lumapit sa City hall.

Pagpapasa ng Abiso

Ipaalam sa City hall sa sumusunod na situwasyon.

【Kapag papasok ng National Health Insurance】

- Pagdating sa Japan.
- Paglipat ng tirahan.
- Pag-alis sa employer-based insurance.

【Kapag aalis na sa National Health Insurance】

- Pag-alis sa Japan.
- Paglipat sa ibang lungsod.
- Pag-pasok sa employer-based insurance.

※Hindi pwedi umalis sa National Health Insurance ng dahil sa ayaw magbayad ng National Health Insurance Tax.

Hindi pwedi gawin dahilan ang hindi pupunta ng ospital para umalis sa National Health Insurance.